

Paano gumagana ang mga bakuna



Ang mga bakuna ay mahalagang bahagi ng karaniwang gawain sa pangkalusugan at susi sa **pag-iwas sa mga sakit** na kumakalat mula sa isang tao patungo sa iba.

Kapag ang bakteryang o mga virus ay pumasok sa ating katawan, umaatake sila at dumadami. Ang pagsakop na ito ay tinatawag na **isang impeksyon**. Ang immune system ay gumaganti para protektahan ang mga selyula ng katawan at lumalaban sa pagsakop.

Mga Uri ng Bakuna sa COVID-19

- 1 **mga bakuna na mRNA**
- 2 **Protein subunit na bakuna:**
mga piraso ng virus sa COVID-19
- 3 **Mga bakunang vector**

- Bawat bakuna sa COVID-19 ay gumagana ng magkaiba.
- Ang lahat ay inilalantad ang katawan sa sangkap na nag-uudyok sa pagtugon ng immune.
- Pagkatapos ay gumagawa ang immune system ng antibodies na nakakakilala at lumalaban sa virus.
- Kung ang totoong virus ay pumasok sa katawan, ang immune system ay sinanay at nakakaalala kung paano tumugon sa pag-iwas sa COVID-19.

LAHAT ng bakuna ay nakakatulong sa pagpapanatili sa mga tao na **LIGTAS** mula sa mga impeksyon sa pamamagitan ng:

- Paggaya sa impeksyon
- Pagtulong sa immune system ng katawan
- Pagturo sa katawan para maalala kung paano labanan ang bakteryang o virus sa hinaharap

Paglikha ng Proteksyon para Lumaban Kontra COVID-19

Pagkatapos ng bawat dosis ng bakuna, ang katawan mo ay maaaring magpakita ng ilang sinyales ng pagsisikap na ginagawa nito para malikha itong proteksyon, gaya ng lagnat na magtatagal sa maikling panahon o pananakit ng ulo. Ang paglikha ng immunity ay maaaring umabot ng ilang linggo.

